**SAMPOL,** sanggunian lamang ang pahinang ito.

EDD Call Center
PO Box
LUNGSOD CA ZIP CODE

Petsang Ipinadala: **00/00/0000**

Para sa Opisyal na Paggamit Lamang:
**000000000**

Mga Numero ng Telepono ng EDD:

| | |
|---|---|
| Ingles | 1-800-300-5616 |
| Espanyol | 1-800-326-8937 |
| Cantonese | 1-800-547-3506 |
| Mandarin | 1-866-303-0706 |
| Vietnamese | 1-800-547-2058 |
| TTY (hindi voice) | 1-800-815-9387 |
| website: | **www.edd.ca.gov** |

PANGALAN NG CLAIMANT
ADDRESS NG CLAIMANT
LUNGSOD CA ZIP CODE

## PAUNAWA TUNGKOL SA UNEMPLOYMENT INSURANCE AWARD (GAWAD PARA SA SEGURO SA PAGKAWALA NG TRABAHO)

Ang Paunawang ito ay hindi pinal na desisyon tungkol sa kung kayo ay karapat-dapat o hindi na tumanggap ng mga benepisyo ng Unemployment Insurance (UI, Seguro sa Pagkawala ng Trabaho). Pag-aralan nang mabuti ang Paunawang ito upang matiyak na wasto ang impormasyon tungkol sa inyong employer at sahod sa talahanayan. Sumangguni sa likod ng Paunawang ito para sa impormasyon tungkol sa ilang dahilan kung bakit maaaring hindi ipinapakita sa talahanayan sa ibaba ang mga sahod at para sa mga karagdagang tagubulin, kabilang ang kung ano ang dapat ninyong gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa alinman sa impormasyong nasa talahanayang ito o kung sa tingin ninyo ay may nawawalang impormasyon sa talahanayan.

**1.** Petsa ng Pagsisimula ng Claim: 00/00/0000

**2.** Petsa ng Pagtatapos ng Claim: 00/00/0000

**3.** Pinakamalaking Halaga ng Benepisyo: $0000

**4.** Lingguhang Halaga ng Benepisyo: $000

**5.** Kabuuang Sahod: 00,000.00

**6.** Pinakamalaking Kita Kada Quarter: 0,000.00

**7.** Hindi naaangkop ang item na ito sa inyong claim. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang item 7 sa likod.

**8.** **Kailangan ninyong maghanap ng full time na trabaho kada linggo.** Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa handbook na*A Guide To Benefits And Employment Services*, (DE 1275A, *Gabay sa mga Benepisyo at mga Serbisyo sa Trabaho*) na makukuha online sa www.edd.ca.gov/forms/.

**9.** Hindi naaangkop ang item na ito sa inyong claim.

**10.** Kinakalkuha ang Gawad sa Claim na ito batay sa (Standard o Alternate) Base Period.

| **11. Pangalan ng Empleyado:** | **12. Sahod ng Empleyado para sa Pagtatapos ng Quarter:** | | | | **13. Pangalan ng Employer:** |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Buwan/Taon** | **Buwan/Taon** | **Buwan/Taon** | **Buwan/Taon** | |
| Pangalan ng Claimant | 0,000 | 0,000 | 0,000 | 0,000 | ABC CO |
| **14. MGA KABUUAN:** | **0,000** | **0,000** | **0,000** | **0,000** | |

**Mahalagang Impormasyon sa Susunod na Pahina**

**MAAARING IPAKITA SA MGA SAHOD NG EMPLEYADO ANG "$0" AT/O MAAARING WALA SA TALAHANAYAN ANG EMPLOYER SA KABILANG PAHINA NG PAUNAWANG ITO KUNG:**

- Kailangang maberipika ng EDD ang inyong pagkakakilanlan. Sa kasong ito, padadalhan kayo ng EDD ng Request for Identity Verification (Kahilingan para Maberipika ang Pagkakakilanlan), at kailangan ninyong sundin ang mga tagubilin sa form na iyon upang maipagpatuloy ang inyong claim.
- Iniulat ang inyong mga kita sa ilalim ng maling SSN. Sa kasong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa EDD. (Tingnan ang mga tagubilin sa ibaba.)
- Nagtrabaho kayo sa isang pederal na ahensya at bineberipika ang mga sahod. Sa kasong ito, padadalhan kayo ng EDD ng Amended Notice of Award (Binagong Paunawa ng Gawad) sa oras na maberipika ang mga sahod o makikipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng sulat kung may kailangang karagdagang impormasyon mula sa inyo.
- Hindi naiulat ng inyong employer ang inyong mga kita. Halimbawa, maaaring kaso ito ng kung itinuring kayong independent contractor ng inyong employer at inisyuhan kayo ng 1099 na form para sa buwis. Sa kasong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa EDD. (Tingnan ang mga tagubilin sa ibaba.)

**KUNG HINDI KAYO SUMASANG-AYON SA IMPORMASYONG NASA TALAHANAYAN SA KABILANG PAHINA NG PAUNAWANG ITO, kabilang ang:**

- Nawawala o hindi tama ang inyong sahod.
- Kung hindi nakalista ang employer, o nakalista ang isang employer na hindi ninyo pinagtrabahuhan (at hindi kayo naging pederal na empleyado).

**KUNG GAYON AY KAILANGAN NINYONG KONTAKIN ANG EDD** sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa address na pangkoreo ng EDD na nasa kabilang pahina ng Paunawang ito sa loob ng <u>30 araw sa kalendaryo mula sa “Petsang Ipinadala” na nakasulat sa itaas ng Paunawang ito</u>. Kung hindi ninyo kokontakin ang EDD sa loob ng 30 araw, maaari ninyong mapalampas ang inyong pagkakataong ipaalam sa EDD na kailangang imbestigahan ang inyong claim upang mapagpasyahan kung kailangang baguhin ang gawad sa inyo sa ibang halaga. <u>Maaaring palawigin ng EDD ang 30 araw na ito kung may mabuting dahilan</u>.

**MANGYARING IBIGAY ANG:**

- Inyong buong pangalan, address, at Social Security number, at
- Katibayan ng mga sahod (kabilang ang W-2 o 1099, mga pay stub, resibo ng cash o iba pang mga dokumentong nagpapakita ng inyong mga kita) at anumang impormasyon sa trabaho na gusto ninyong idagdag sa inyong claim, o
- Kung hindi kayo nagtrabaho para sa isang employer sa talahanayan, isang pahayag na hindi kayo nagtrabaho na nakalistang employer.

**MAHALAGA:** Kung hindi naabisuhan ang EDD tungkol sa anumang hindi wastong impormasyon tungkol sa trabaho o sahod sa kabilang pahina ng Paunawang ito, maaari kayong sumailalim sa labis na pagbabayad, o iba pang mga diskuwalipikasyon at parusa kung sinadya ninyong ipagkait ang impormasyon.

**ANG SUMUSUNOD AY ANG KARAGDAGANG IMPORMASYON PARA SA BAWAT ITEM NA NAKALISTA SA KABILANG PAHINA NG PAUNAWANG ITO:**

1. Ang petsa kung kailan magsisimula inyong claim.
2. Ang petsa kung kailan magtatapos inyong claim.
3. Ang kabuuang halaga ng perang matatanggap ninyo mula sa claim na ito.
4. Ang pinakamalaking halaga na maaari kayong mabayaran kada linggo, kung matutugunan ninyo ang mga lingguhang iniaatas para sa pagiging karapat-dapat.
5. Ang kabuuang halaga ng mga kitang iniulat ng (mga) employer sa panahon ng mga quarter na nakalista sa talahanayan para sa item 12. Ginamit ang mga kitang ito para kalkulahin ang pinakamalaking halaga ng inyong benepisyo.
6. Ang quarter sa kalendaryo na nakalista sa talahanayan para sa item 12 na may pinakamataas na halaga ng mga kita. Pinagpapasyahan sa mga kitang ito ang lingguhang halaga ng inyong benepisyo.
7. Ang halagang nakalista, kung naaangkop, ay ang gawad sa inyo na hindi kasama ang mga sahod na kinita mula sa pampubliko o hindi nagtutubong paaralan. Kung nagtrabaho kayo sa isang pampubliko o hindi nagtutubong paaralan sa panahon ng alinman sa mga quarter na nakalista sa talahanayan para sa item 12, maaaring hindi ninyo magamit ang mga sahod na iyon sa inyong claim sa panahon ng recess sa paaralan.
8. Sa ilalim ng batas, kailangan ninyong gawin ang lahat ng makatwirang pagsusumikap para maghanap ng trabaho kapag nagke-claim ng mga benepisyo.
9. Iniaatas sa Unemployment Insurance Code (Kodigo para sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho Seksyon 1277) na magtrabaho kayo sa pagitan ng mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng naunang claim upang magkaroon ng balidong claim sa susunod na taon. Kung naaangkop ito sa inyong claim, tatanggap kayo ng mga karagdagang tagubilin.
10. Ang uri ng base period na ginamit para itakda ang inyong claim; ito ay alinman sa Standard Base Period o Alternate Base Period.
11. Ang pangalang ginamit ng inyong (mga) employer para iulat ang inyong mga kita sa EDD sa panahon ng bawat nakalistang quarter sa kalendaryo.
12. Ito ay ang mga potensyal na magagamit na sahod para sa mga layunin ng UI na iniulat ng inyong (mga) employer na kinita ninyo sa panahon ng bawat quarter sa kalendaryo na nakalista. Ang bawat quarter sa kalendaryo ay inaabot ng tatlong buwan. Pinagpapasyahan sa mga kitang ito ang halaga ng gawad na benepisyo sa inyo.
13. Ang (mga) pangalan ng (mga) employer na pinagtrabahuhan ninyo sa panahon ng mga quarter na kalendaryo na nakalista sa talahanayan para sa item 12.
14. Ang kabuuang halaga ng mga kitang iniulat ng lahat ng employer sa bawat quarter sa kalendaryo na nakalista sa talahanayan para sa item 12.

**RESPONSABLE KAYONG malaman ang nilalaman** ng mga *Benepisyo ng Unemployment Insurance: What You Need To Know* (DE 1275B, *Ang Kailangan Ninyong Malaman*), **AT** ang nilalaman ng handbook na *A Guide To Benefits And Employment Services*, (DE 1275A, *Gabay sa mga Benepisyo at mga Serbisyo sa Trabaho*). Ipinapaliwanag sa pahehong publikasyon ang inyong mga karapatan at responsabilidad sa pagkawala ng trabaho at makukuha ang mga ito sa edd.ca.gov/forms/.

**Upang makatanggap ng mga Benepisyo ng UI, kailangan ninyo munang magsertipika para sa mga benepisyo at pagkatapos, kada dalawang linggo gamit ang isa sa mga sumusunod na pamamaraan:** UI Online[SM], EDD Tele-Cert[SM], o magsumite ng papel na *Continued Claim Form*, (DE 4581, *Form ng Ipinagpapatuloy na Claim*). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsesertipika para sa mga benepisyo, sumangguni sa DE 1275 handbook na makukuha sa edd.ca.gov/forms/.

**PAANO KAKANSELAHIN ANG UI CLAIM**

May opsyon kayong kanselahin ang inyong claim pagkatapos matanggap ang Paunawang ito. Kung gusto ninyong kanselahin ang inyong claim, kailangan ninyong agad na kontakin ang EDD. Huwag magsertipika para sa mga benepisyo ng UI. Pinahihintulutan lamang kayo ng batas na kanselahin ang UI claim kung walang binayarang benepisyo, walang paunawa ng diskuwalipikasyon na ipinadala sa inyo, walang labis na pagbabayad ang naitakda sa claim, at ang taon ng benepisyo ng inyong claim ay hindi pa natatapos. Kung nakansela ang claim, hindi ito maaaring muling mabuksan.